2024-08-01-0562

DEPED DIVISION
DAVAO DE ORO
RECORDS SECTION
01 AUG 2024
11:56
RECEIVED

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION XI
**SCHOOLS DIVISION OF DAVAO DE ORO**

**Office of the Schools Division Superintendent**

Hulyo 26, 2024

OFFICE MEMORANDUM
CID-2024-072

**PAGBUBUKAS NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Para sa mga : Tagamasid Pansangay
: Pinuno ng Bawat Opisina at Tanggapan
: Mga Kawani ng Sangay ng Davao de Oro

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon XI, Sangay ng Davao de Oro, sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum sa Pagkatuto ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing ika-1 hanggang 31 ng Agosto, alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s., 1997, sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

**2.** Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kapuluan Bilang 08-02 serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO WIKANG MAPAGPALAYA"** na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Malugod na ipinaalam sa lahat ng kinauukulan ang gaganaping pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024. Ito ay gaganapin sa ika – 5 ng Agosto taong 2024, alas 8:00 ng umaga para sa lahat ng mga kawani ng Sangay ng Davao de Oro. (Lobby-lugar na pagdarausan.

4. Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024, hinihikayat ang lahat ng mga kawani ng tanggapan at opisina na makibahagi at maisakatuparan ang sumusunod na gawain:
   A. Pagsusuot ng Barong Tagalog, Filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes sa pagtataas ng watawat sa loob ng buong buwan ng Agosto.
   B. Mungkahing paggamit ng Wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain; at
   C. Panonood ng mga dokumentaryo, kaganapan o iba pang gawain na may kaugnayan sa tema.

5. Kalakip nito ang mga patimpalak sa araw ng Pagbubukas ng Buwan ng Wika 2024, Agosto 5, 2024
   A. Parada ng kasuotan (Pagsusuot ng Barong Tagalog, Filipiniana o mga katutubong kasuotan na sumisimbolo ng ating pagka-Pilipino.
   B. Iispel Mo (Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO).

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng MEMORANDUM na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan